# Labí

Akda Ni
Bb. GENOVEVA D. EDROSA

NAGING mabanay ang kanyang paglakad at ang ingay na ginagawa ng matataas niyang takong ay humina. Dumating siya sa dulo ng daan at siya'y malayo na sa kakapalan ng mga tao Nguni't hanggang sa kinaroroonan niya'y kabilaan ang mga kalansay ng matatayog at mapagmalaking mga gusali na minsan ay tumayo roon. Ang nagguhong bato, ang pili-pilipit na bakal, ang kabuuan ng mga abong nananatiling nakadikit na tila ayaw bumagsak at sumama sa kapwa abo, ay siyang wari'y pumupuno sa kanyang katauhan.

Lumiko sa kaliwa at nagpatuloy ng paglakad hanggang sa hadlangán ng Ilog Pasig ang kanyang mga hakbang at siya'y liliman ng katawan ng isang tulay na malaki. Huwag lamang siyang lilingon ay hindi na niya makikita ang mga nagtayong kalansay. Nguni't sa ibayo ng ilog ay ipinagpapatuloy ng mga labí ang larawang nasa kanyang likuran. At sa mga yaon, sa bawa't isa noon, ay nakikita niya ang kanyang sarili.

Ang sarili'y ngayon lamang niya naalaala. Sa loob ng tatlong taon, sa bai-baitang na pagbaba, sa mga sandali ng di-katiyakan, ay ipininid niya ang pang-alaala. Noon ay tinanggihan niya ang lahat ng gunita at ang lahat ng hinaharap. Pagkatapos ng mga taong iyon ay ngayon natagpuán ang kanyang sarili na walang-awang dinadaluyong ng mga gunita at ng hináharáp, sa pagtalakop ng kanilang kabuuan.

Si Dude ang dahilan. Mula sa libingan ng lumipas ay multong nagbangon si Dude upang ipagunita sa kanya ang lahat. Ang lahat at lahat.

"Hindi pala tiyak kung buháy o patáy si Ido. Pinaghahanap ka nila roon. Kailan ka uuwi sa atin?"

Nagtama ang kanilang mga mata at ang kay Dude ang bumaba. Sapagka't naalala niya ang ilang bagay at sapagka't malalim ang kanyang pang-unawa. At naisip niyang ang kanyang itinanong ay siyang pinakamalupit na pangungusap na maáaring marinig ng kaharáp.

Si Dude ang naging kawing ng kanyang kahapon at ng kanyang hináharap. At ang alaala ni Dude ay alaala rin ng isang maputing paaralan at ni Ido at ng buhangin sa baybay-dagat. At ng Misamis at ng mga naghihintay roon.

Ngayon bumalik sa kanyang gunita ang minsa'y natunghan niya: "Totoong marupok ang hibla sa habihan ng Buhay sa bigat ng ating mga pag-asa." Pagkatapos ng tatlong taon ang kahungkagan ng mga titik na iyon sa isang aklat ay bumigat sa pait ng kanyang mga karanasán.

Hindi siya nawalán ng katapatan kay Ido. Kailan man. Ibinigay niya ang kanyang mga ngiti, ipinagpalit niya ang kanyang mga paglalambing; at sa kabila ng mga taon, sa kabila ng mga pangyayari, siya ay nanatiling kay Ido.

Ayaw niyang magunita ang simula ng mga pangyayaring iyon. Nguni't ang bawa't isa ay mga alaalang wari'y nagbabalik ngayon, sa gayon niyang pagkakatayo sa lilim ng isang tulay.

Sa asó ng unang dagundong na naghudyat sa simula ng lagim ang tanging nálabí sa kanya'y ang tinig ni Ido na nagsasabing "Umuwi ka agad sa atin. Babalik ako at doon kitá hahanapin." Nguni't mabilis ang mga pangyayari at ang lagím ay kumapál, bumigát at siya'y napaligiran.

Nagíng kasindak-sindak ang kanyang pag-iisa sa malayong daigdig. Ang bawa't putok ay naririnig niyang humahantong sa dibdib ng kanyang hinihintay na bumalik, sa bawa't sambulat ay nakikita niya ang isang bahay sa ibayo ng dagat na tinatahanan ng dalawáng matatandá. Ang sindak ay kinambalán ng isang nakalalagom na kalungkutan na halos hindi niya mabata. At pagkatapos, ang sindák at lumbay ay pinangibabawan ng isang nakatatakot na multo.

Numipis nang numipis ang nakaipit sa dahon ng kanyang aklat hanggang isang araw, mula roon ay kinuha niya ang kahuli-hulihang salaping-papel.

Ang mga araw na sumunod ay isáng tanikala ng mga pagkabigo. Ang kanyang mga kaibigan ay nangagsisipaglakad ding sa mga mata'y sumusungaw ang pagkatakot. Ang pagkatakot sa dambuhalang nag-iikom ng mga daliri sa paligid ng lunsod: ang gutom. Sa kanila'y wala siyang makuhang pampatighaw. Sa mga tahanan, ni walang may nais na tumanggap ng utusan sapagka't iyo'y mangangahulugan ng isa pang bibig na pakakanin.

Halos wala nang nalalabing lakás sa kanyang katawán nang siya ay pahimok sa mga dati niyang kamag-aaral sa pamantasan. Siya ay sumama sa kanila sa isang bar at doon, siya ay naging "hostess." At doon niya nakilala si Rodil.

Kahi't nang mga sandaling siya'y angkinin ni Rodil, ang kanyang pagkatao, sa buong kalinisan niyon, ay nasa isang kawal. Ipinagpalit niya ang kanyang hináharáp sa pangako ni Rodil na siya ay pakakasalán. At sapagka't kinasusuklamán niya ang gawaing iyon sa bar, siya ay pumayag. Nguni't si Rodil pala ay nasa isa lamang sa maraming sandali ng kanyang paglilibang.

Siya ay nagbalik na muli sa bar. At ang kasunod na hakbáng na pababa sa hagdan ng Buhay ay hindi na gaanong naging mahirap. At ang kasunod. At ang kasunod.

Tila isáng katawáng bumababa sa isang bundok, ang kanyang naisip ngayon. Iyo'y napapatakbo hindi man kusain at pabilis nang pabilis ang mga hakbang na pababa; totoong malakas ang higop ng kailaliman.

Dumating ang panahong ni ayaw na niyang gunitain man lamang ang páaralán, si Ido, ang buhangin sa baybay-dagat. Ang kaputian ng mga iyon ay narurumhan, nakukulapulan ng pang-alaalang nanggagaling sa isang katauhang ulila na sa kalinisan. Ang mga iyo'y araw sa kanyang buhay, na may init at liwanag, bago dumatal ang lamig at dilím ng sumunod na gabi.

Sa ibayo, sa kabila ng ilog na patuloy ang pagdaraan, ang mga nagtaás at nagdipáng bisig, na inilalarawan ng kaharáp niyáng mga guho ay unti-unti nang nilalambungán ng kumákagát na gabí sa lupa.

Ang lamig na pumupuno sa kanyang puso ay pinapagíng lalong mabigát ng isang kaisipán. Ang kaisipang iyo'y gumahis ng buong lupit sa kanyang katauhan. Ito ang kanyang naisip: ang mga guhong iyon sa magkabila ng ilog, ay muling maitatayo. Sa kanilang mga abo ay muling titindig ang nagtataasang gusali, higit na matatayog, higit na mapagmalaki. Sa mga labíng iyon, ang sangkatauha'y muling gagawa at yayari at ang kaganapán ay lalalo pa sa kaniláng hahalinhán. Nguni't ang iba pang mga labi, yaong hindi maitatayo ng mga bato, katulad ng kanyang sarili...

Nagunita niya ang kay raming buhay na ibinuwis sa ibayong yaon ng ilog. Marami sa mga nasawing iyon ang nagnasang mabuhay, ang nangunyapit sa Buhay hanggang sa kahuli-hulihang sandali ng pag-asa. Ang isang babaing kanyang nakita ay pagapáng na inilalayo sa pook ng lagim ang kanyang bunso. Ang isá pa'y hila-hila namán ang isang mahinang matanda. Ang mga iyon, at ang libu-libong katulad niyon, ay umiibig sa Buhay, nguni't sa kanila ay ipinagkait itó. At siya, siyang lupaypay sa kapagalan at naglulunggating makalimot, sa tulong ng pangwakás na pamamahinga, ay iniligtas. Kung natubos ba ng kanyang buhay ang isa man lamang sa mga babaing yaon, ang isa man lamang sa mga sanggol na yaong bagong nagsisimulang mabuhay. Sa pagbagtás sa Kawalang-hanggan ay nahuhugasan ang madlang karumhán, ng mga luha, ang kanyang naisip.

Kaginsa-ginsa, sa namumuo sa kanyang mata ay naglagos ang mahinhing liwanag mula sa ilog na nasa kanyang paanán. At nang magliwanag ang paningin ay nakita niyang iyon ay anino ng Buwang buong bining nagsisimula sa kanyang paglalakbay. Ang nangagtayong kalansay sa magkabilang pampang ng ilog ay nagtatapon na rin ng anino sa tubig. Matagál niyang pinagmalas ang mga yaon: ang mga kalansay at ang Buwan at ang kanilang pakikipaglaro sa aliw-iw ng tubig sa ilog.

Sa kanyang likuran, sa naaabót ng paningin sa ibayo, sa tubig, ang mga guho ay pangit sa kanilang kaitiman, nguni't ang Bu-

(*Nasa pahina* 19 *ang karugtong*)

## *Labí . . .*

*(Karugtong ng nasa pahina 8)*

wan.... Nakita niyang ang Buwan ay higit na maganda sa gitna ng ilog—ang pinilakang tilamsik nito'y binasag manding kristal sa gagalaw-galaw na tubig. At samantalang pinagmamalas niya ang Buwan sa tubig ay muli niyang naalaala an gtanging kagandahan sa kanyang buhay—ang bahaging yaon ng dalawang matatanda sa ibayo ng dagat, ng puting paaralán, ni Ido at ng buhangin sa baybayin. Ang Buwang ito'y nununghay rin sa dalawang matatanda, ang kanyang naisip. Sa malayong Misamis. At marahil....marahil sila ma'y nakatitig din sa liwanag na iyon sa mga sandaling ito, at nagtatanong sa kanyang kinaroroonan. Ang liwanag na iyo'y tumatanglaw rin sa labi ng puting alapaap at sa buhangin ng bay-bay-dagat. Nguni't si....Ido?

Sa kanyang mata'y kumislap ang ilaw ng bagong pag-asa. Dito sa lunsod, iiwan niya ang maiitim na anino ng mga guho, nguni't hindi ang mabining liwanag ng Buwan. Iyon ay dadalhin niya sa Misamis, ang karilagang iyon na nakapagpapaalala ng tanging kagandahan sa kanyang buhay. Kung gabi, titingala lamang siya at doo'y muli niyang makikita ang kaliwanagang ito. Doon sa sinapupunan ng lupang sinilangan, mapagpalang katulad ng sa isang ina, lilimutin niya ang mga alaalang iniwan ng digmaan, ang mga sugat at kirot niyon, ang mga guho't kapangitan niyon. Iiwan niya sa lunsod ang lahat ng labi at ang mga alaala nito.

At kung siya'y makalimot na, marahil, mula sa karurukan, ang alaala ni Ido ay mananaog at siya'y paghahanapin sa pook ng tipanan. At, marahil din, doon ay matatagpuan niya ang isang bagong kahulugan ng Buhay.

## *Ang Tala . . .*

*(Karugtong ng nasa pahina 11)*

yon ang kaniyang mga layunin, ay hindi pa rin madalumat ni Kanor ang pagkabalam ng pasiya ni Didang. Kung sa bagay ay naiisip ni Kanor na habang tumatagal ay lalong mabuti sa kaniyang layunin, sapagka't nangangahulugang pinag-aaralan pa at ang pasiya ay malamang na mabuti para sa kaniya. Kung talaga bang walang kagustu-gusto si Didang sa kaniya ay maluwat na sanang tinugon siya ng hindi.

*(TATAPUSIN)*

# IBONG —WALANG— PUGAD

### Tulambuhay ni *Iñigo Ed. Regalado*

*IV*

*Takip-silim noon; pauwi si Senday,*
*may sunong na batya, galing sa bantilan,*
*siya'y nag-iisa, lakad ay marahang*
*tila sinasadya at may hinihintay.*

*Nasisyahán wari ang ating dalaga't*
*habang lumalakad ay umaawit pa,*
*ang lahat ng bagay ay di alumana't*
*ang nasa gunita'y tamis ng pagsinta.*

*Hindi nga nalao't ang binatang giliw*
*humihingal halos sa kanyang pagdating.*
*—"Ano't ngayon ka lang, saán ka nanggaling?"—*
*ang tanong ni Senday na may-halong lambing.*

*—"Ako'y naantala sa mga talampas"—*
*sagot ng binata na may-sukling sulyap,*
*—"kaya't ang nangyari sa aking paglakad*
*parang hinahabol ang takbo ng oras."*

*Pagkawika nito'y kinuha ni Senon*
*ang isáng balutang nasa batyang sunong*
*at ang sinabi pa:—"Ako ay katulong*
*ng mamahalin ko sa habang panahon."*

*Lalo nang humina ang lakad ni Senday*
*at tila ayaw pang dumating ng bahay*
*katulad ay lupang sa pagiging tigang*
*ay halos sakmalin ang patak ng ulan.*

*Talagang ang pusong taos sa pag-ibig*
*hindi nabubusog sa sandaling titig;*
*kaya lang masyahán ang tapát na dibdib*
*ay kung nasa piling ang laman ng isip.*

*Ang bawa't bitiwang mga pangungusap*
*ng dalawang gapos ng suyuang tapat*
*ay parang talulot ng isang bulaklak*
*na may-bango kahi't sa lupa'y malaglag.*

*Sa lagay na yao'y ¡daming kakilala*
*ang nadaraanang hindi alumana!*
*kahi't* umeehem *ang isa at isa*
*lingunin ma'y ayaw namán ng dalawá.*

*Nangingiti lamang sila ng palihim*
*kahi't anong lakas ng mga pagtikhim;*
*paanong di gayo'y lambing ng paggiliw*
*ang sumasapupo sa puso't damdamin.*

*Minsan pang binuhol ng mutyang si Senday*
*ang tali ng sumpa na sadyang matibay:*
*—"Sa ngalan ng aking inang minamahal,*
*ang puso ko'y iyo hanggang kamatayan."*

*(Nasa pahina 20 ang karugtong)*

## *Barung-Barong . . .*

*(Karugtong ng nasa pahina 7)*

wan ng kanyang bahay na sa loob ng maraming taon ay siyang mapayapang tanggulan nila sa kalikasan. Sa sandaling ito'y naramdaman niya ang hapdi ng gunita. Sapagka't kasamang tinangay ng usok sa mataas na kalawakan ang lahat ng iningatan niyang magagandang alalahanin ng tahanang yaon. Ang katiyakan sa pagkabigo ay hindi na malilinlang ng magandang pag-asa. Ganap na ang katotohanang naglaho sa gusaling yaon ang katuparan ng isang pangarap. Tunay na hindi na manunumbalik ang mga alaala roon, ang lakas ng diwang namugad at nagbinhi ng isang kaligayahan sa bawa't bahagi ng magandang tahanan nila.

Si Fidel ay tinawag ng kanyang mga anak sa loob ng barung-barong. Sa dating hapag na ang isang panig ay ginalusan ng tingga ang kanyang mga hinlog ay magkakaharap na kumakain.

—Ang tinapay at kending ito ay ipinamudmod sa mga tao —masayang sabi ni Mercedes at idinugtong —paano ngayon ang ating bahay, nasira?

—Huwag ninyong asahan ang pagbabalik ng kahapon —nasabi sa sarili ni Fidel habang siya'y kumakain. Tiningnan ang kanyang bunso at ang bulong pa —bagong diwa, bagong simulain at bagong sigla ang kailangan ngayon ng bayan...

—Magsimula tayo sa barungbarong na ito, —ang siyang narinig ng kanyang mga anak.

WAKAS

### SA AMING MGA KATULONG AT MAMBABASA

Buong galang na ipinagbibigay-alam namin sa lahat ng katulong na ang paglalathala sa mga akdang aming tinatanggap ay pinag-uuna-una lamang muna sa ngayon dahil sa kakulangan ng pitak. Ipinagbibigay-alam din naman na kami'y di nagsasauli ng orihinal lumabas man o hindi ang alinmang akda.

Ang susunod na bilang nitong ILANG-ILANG ay magiging di-pangkaraniwan palibhasa'y mapapataon sa ika-10 taon ng pagkatatag ng ating Malasariling Pamahalaan. Di-pangkaraniwang mga babasahin din ang tataglayin ng bilang na iyan at isa na'y ang "March of Death" na ikinasawi ng marami nating kapatid na nakilaban sa Bataan.